

TAMANG SAGOT

PhilHealth Circular No. 2017-0011

POINT OF SERVICE

1. Ano ang Point of Service?

Ang Point of Service o POS ay programa ng pamahalaan na pinaglaanan ng pondo sa ilalim ng General Appropriations Act (GAA) 2017. Ang programang ito ay ipatutupad sa layuning mabigyan ng agarang benepisyong PhilHealth ang lahat ng Filipino na hindi pa miyembro ng PhilHealth at walang kakayahang magbayad ng kontribusyon.

2. Sino ang maaaring makinabang sa programang Point of Service?

Ang isang pasyente ay maaaring makinabang kung:

- a. Siya ay hindi pa miyembro ng PhilHealth;
- b. Siya ay walang kakayahang magbayad ng kontribusyon sa PhilHealth ayon sa pagsusuri ng Medical Social Welfare Officer (MSWO) o Social Welfare Development Officer (SWDO) ng ospital;
- c. Siya ay ma-admit sa Service/Charity ward ng pampublikong ospital.

3. Ano'ng benepisyo ang makakamit sa ilalim ng programang Point of Service?

Matapos mairehistro sa PhilHealth, ang POS-patient ay **AGAD** na makagagamit ng mga benepisyong PhilHealth tulad ng:

- a. In-patient/Out-patient benefits na binabayaran sa pamamagitan ng All Case Rates
- b. Z Benefits

Maaari ding mapakinabangan ng pasyente ang No Balance Billing policy na ang ibig sabihin ay wala na siyang babayaranang higit pa sa sagot ng PhilHealth.

Dapat ding tandaan na ang POS-patient ay walang babayaran para mairehistro sa PhilHealth.

4. Saang ospital maaaring makasali sa programang POS at makagamit AGAD ng benepisyong PhilHealth?

Ang POS ay maaari lamang makamit sa mga Pampublikong Ospital na pag-aari ng National at Local Government. Maaari ding makagamit AGAD ng benepisyong PhilHealth sa mga pribadong ospital ngunit ang pasyente ay kinakailangang makapanayam muna sa isang pampublikong ospital.

5. Maaari bang mairehistro at makinabang sa programang Point of Service ang kasalukuyang miyembro ng PhilHealth?

Hindi. Ang dati nang rehistradong miyembro ng PhilHealth ay hindi mairerehistro at hindi maaaring makinabang sa programang POS.

6. Kung hindi pa miyembro ng PhilHealth at masuri sa ospital ng MSWO O SWDO na hindi mahirap o kaya’y may kaya sa buhay (financially capable), maaari bang magparehistro sa PhilHealth ang pasyente upang AGAD na makagamit ng benepisyong PhilHealth?

Oo. Kung sa pagsusuri ng ospital ay mapatunayang ang pasyenteng hindi pa miyembro ng PhilHealth ay may kakayahang magbayad ng ITINAKDANG taunang prima:

- a. Pupunan ng pasyente o ng kasama nito ang PMRF at lalagdaan ito ng pasyente;
- b. Babayaran ang ITINAKDANG premium contribution upang siya ay mabigyan ng PhilHealth Identification Number o PIN; at
- c. Dadalhin ang PhilHealth Official Receipt (POR) o PhilHealth Agents Receipt (PAR) sa ospital upang AGAD na makagamit ng benepisyong PhilHealth.

Matapos nito, maaari nang makagamit ng benepisyong PhilHealth ang pasyenteng may kakayahang magbayad ng prima. Subali’t hindi nito mapapakinabangan ang No Balance Billing na polisiya ng PhilHealth.

7. Ano ang kailangang gawin ng pasyenteng mahirap upang makapagparehistro sa PhilHealth sa ilalim ng programang Point of Service?

- a. Sa Admission Section ng ospital, titingnan ng hospital staff sa Health Care Institution Portal o HCI Portal kung ang pasyente ay miyembro na ng PhilHealth o hindi pa;
- b. Kung hindi pa miyembro ng PhilHealth, siya o ang kanyang kasama ay kakapanayamin ng Medical Social Welfare Officer (National government facilities) o Social Welfare Development Officer (LGU facilities) ng ospital upang malaman kung maaaring isali sa POS.
- c. Kung mapatunayang mahirap, pupunan ng pasyente o ng kanyang kasama ang PhilHealth Member Registration Form (PMRF) at lalagdaan ito ng pasyente. Matapos makumpleto ang PMRF, maaari nang makagamit ng kaukulang benepisyong PhilHealth ang nasabing pasyente.
- d. Sa loob ng isa hanggang tatlong araw, ibibigay ng ospital sa pasyente o kasama nito ang PIN ng nasabing pasyente.